



OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

Mga Patnubay ng Civic Poet ("Makatang Sibiko") 2025-26

Pangkalahatang Impormasyon sa Gawad

Ang Seattle Office of Arts & Culture (ARTS), sa pakikipagtulungan sa Seattle City of Literature, ay kinokomisyon at sinusuportahan ang isang bihasang makata para sa isang dalawang taong pananahanan. Ang Civic Poet ay isang kultural na embahador para sa mayamang, maraming kulay na pananaw sa panitikan ng Seattle at kumakatawan sa komunidad ng Seattle na may magkakaibang kultura. Ang napiling nagwagi ay makakatanggap ng \$25,000 para sa kanilang dalawang taong komisyon mula sa unang bahagi ng 2025 hanggang sa katapusan ng 2026. Bilang karagdagan sa taunang mga kaganapan sa Lungsod, ang Civic Poet ay magpapaunlad ng pakikipag-usap sa komunidad at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Lungsod, ng publiko, at iba pang mga artista, habang ipinagdiriwang ang mga sining sa panitikan.

Bilang dalawang taong embahador ng tula ng Lungsod, ang tungkulin ng Civic Poet ay ang bumuo ng isang taunang plano ng trabaho, magsagawa ng isang hanay ng mga malikhain na pagkakataon sa buong lungsod, at maghatid ng isang pagtatapos na pagsasalaysay sa pagtatapos ng bawat taon. Maaaring kabilang sa mga pagkakataong ito ang mga pagbabasa, workshop, proyekto, pati na rin ang mga pakikipag-ugnayan sa pagsasalita - lahat ay kasabay ng mga kasosyo sa panitikan at komunidad. Ang Civic Poet ay nangangasiwa ng mga pampublikong okasyon na nagkokonekta at nakikipag-ugnayan sa mga komunidad, mga departamento ng Lungsod, at mga residente habang isinusulong ang halaga ng tula. Bilang isang tampok na nagtatanghal, ang Civic Poet ay lalahok sa dalawang taunang pampublikong kaganapan sa Seattle City of Literature at para sa National Poetry Month.

Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, pagiging karapat-dapat, o online na teknikal na suporta, makipag-ugnayan kay Zach Frimmel, Tagapamahala ng Proyekto, sa **(206) 963-9226** o Zach.Frimmel@seattle.gov.

Mayroon kaming mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video). Tawagan lang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang saglit na paghinto habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

Aplikasyon

[Mag-apply online sa pamamagitan ng Submittable](#). Libre ang pag-aplay:

Kung wala kayong computer o access sa internet, makipag-ugnayan kay Zach Frimmel, Tagapamahala ng Proyekto, sa **(206) 963-9226** o Zach.Frimmel@seattle.gov.

Takdang Petsa

Martes, Agosto 20, 2024, 5 n.h (Pasipiko)

Pagiging karapat-dapat

Bukas ang tawag na ito sa mga makata na nakabase sa Seattle na may itinatag na mga trabaho kabilang ang mga nai-publish/naka-publish na mga gawa, binabasa/binibigkas na salita, kasama ang karanasan sa pagpapalano ng proyekto, at inilapat na kasanayan sa pagkakapantay-pantay ng lahi. Kayo ay karapat-dapat kung:

- Kayo ay nakabase sa Seattle (ang inyong tirahan ay nasa Lungsod ng Seattle)
- Kayo ay karapat-dapat na magtrabaho sa U.S.
- Kayo ay 18+ taong gulang sa oras ng takdang petsa ng aplikasyon
- Kayo ay hindi isang naka-enroll na mag-aaral sa anumang antas sa oras ng takdang petsa ng aplikasyon
- Nagpakita kayo ng interes/karanasan sa pagtataguyod ng katarungan at pagsasama sa pamamagitan ng sining
- Nagpapakita kayo ng malakas na pagpapalano at pagpapatupad ng programa sa mga pakikipagsosyo

Pagpopondo

Ang kabayaran para sa dalawang taong komisyon ng Civic Poet ay **\$25,000**. Ang pagpopondo ay para sa isang dalawang taon at sumasaklaw sa oras para sa pagsusulat, pangangasiwa, mga bayarin sa artist, pagtatanghal, mga gastos sa kaganapan, mga materyales, paglalakbay, mga bayarin, mga buwis, at iba pang mga gastos na nauugnay sa proyekto.

Sesyon ng Impormasyon (Hybrid)

Matuto ng higit pa tungkol sa programa at kung paano isumite ang inyong pinakamahusay na aplikasyon.

Lunes, Hulyo 22, 1-3 ng hapon (Pasipiko)

ng personal:ARTS sa King Street Station

303 S Jackson St, Seattle, WA 98104 (Top floor, Room 315)

Virtual: Microsoft Teams

[RSVP](#)

Takdang Petsa ng Pagsusuri sa Draft ng Aplikasyon

Martes, Agosto 6, 5 ng hapon (Pasipiko)

Maaaring magsumite ang mga aplikante ng materyal na draft para sa pagsusuri at feedback hanggang Agosto 6 sa 5 ng hapon (Pasipiko). **Pagkatapos ng Agosto 6**, ang mga tagapamahala

ng proyekto ay hindi makakapagbigay ng buong feedback ngunit maaaring sumagot ng anumang mga tanong at suriin ang pagiging karapat-dapat o pagkakumpleto.

Tulong sa Aplikasyon

Para humiling ng tulong sa aplikasyon, mag-email sa Tagapamahala ng Proyekto na si Zach Frimmel sa Zach.Frimmel@seattle.gov bago ang Agosto 6 upang mag-set up ng tawag sa telepono o virtual na pagpupulong.